REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA
TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51
FAX No. 842-5549 • 842-6196 • 842-4926

SANGGUNIANG PANLUNGSOD

## KAUTUSANG PANGLUNGSOD BILANG 95-48

**KAUTUSANG PANGLUNGSOD NA NAGTATAKDA NG LAANG-GUGULIN SA HALAGANG DALAWANG MILYONG PISO ( P2,000,000.00 ) NA GAGAMITIN SA PAGPAPAUNLAD NG MGA KINIKILALA, BINIGYANG KAPANGYARIHAN AT REHISTRADONG KOOPERATIBA SA LUNGSOD NG MUNTINLUPA**

**********************************************************************************

**Ipinanukala ni : Pangalawang Punonglungsod Mggl. JAIME R. FRESNEDI at lahat ng Kagawad ng Sangguniang Panglungsod**

**********************************************************************************

Mangyaring isabatas ng Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa na nagtipon sa Bulwagan ng People's Center:

### ARTIKULO I

Pamagat, patakaran at adhikain

Sek. 1. Pamagat. Makikilala ang Kautusang Panglungsod na ito bilang Hakbang tungo sa pagpapaunlad at pagpapalago ng kooperatiba sa Lungsod ng Muntinlupa.

Sek. 2. Pahayag ng patakaran at adhikain ng programa na siyang:

a) tumutupad sa tagubilin ng pambansang ekonomiya na makamtan ang higit pang ekwitableng pamamahagi ng pagkakataon, kita at kayamanan; sustinadong pagpaparami ng kalakal at mga paglilingkod na likha ng bansa para sa kapakinabangan ng sambayanan; lumalagong produktibo bilang susi sa pag-angat ng uri ng pamumuhay para sa lahat, lalo na sa mga kapus-palad. Pagsisikap. Sa pagsisikap na matamo ang tungkuling ito, dapat bigyan ng lubos na pagkakataong umunlad ang lahat ng sektor-ekonomiko ng bansa;

b) tumulong sa mga mangingisda at magsasaka na magkamit ng bahagi sa biyaya ng bansa sa pamamagitan ng kooperatiba, ngunit ang hakbanging ito ay hindi nararapat na limitahin lamang sa operasyon ng mga magsasaka at mangingisda dahil ang pangunahing pinagkakaabalahan ng isang lunsod ay ang kalakalan na nangangailangan ng paghimok at suporta mula sa Pamahalaang Lungsod;

k) pasiglahin ang mga kooperatiba at katulad na lansakang organisasyon dahil maraming kooperatiba ang umani ng iba't-ibang uri ng tagumpay at ang pagkabigo ng iba ay hindi sapat na dahilan upang pigilan ang pagpapalaganap ng kooperatiba sa ating Lungsod;

d) pagtanggap sa katotohanan na karamihan sa mga kinikilala, binigyang kapangyarihan at rehistradong kooperatiba sa Lungsod ng Muntinlupa ay walang sapat na puhunan na kailangan sa mabisang pagkakaloob ng pagkakataong mapabuti at mapaunlad ang palipunan at pangkabuhayang kalagayan ng mga kasapi nito;

e) umangkop sa pinag-uutos ng "Local Government Code" na nagbibigay kapangyarihan sa pamahalaang lokal, sa pamamagitan ng Punong-tagapagpaganap na may pagsang-ayon ng kinauukulang Sanggunian, na nagkakaloob ng tulong pinansiyal o ibang paraan, sa mga mamamayan at "non-governmental organizations" para sa pangkabuhayang proyekto na ipapatupad sa kanilang nasasakupan.

## ARTIKULO II

## NASASAKLAWAN

Sek.3. Ang Kautusang Panglungsod na ito ay sumasaklaw sa mga kinikilala, binigyang kapangyarihan at rehistradong kooperatiba sa Lungsod ng Muntinlupa.

## ARTIKULO III

## BENIPISYARYONG KOOPERATIBA

Sek.4. Mga kooperatibang pagkakalooban ng tulong pinansiyal :

a) Iyong ang pangunahing layunin ay ang pagpapalago, pagpapaulad at pagsulong ng mga kooperatiba sa Lungsod ng Muntinlupa sa pamamagitan ng "Livelihood Programs" at iba pang pangkalakalang gawain na magkakaloob ng pinakamataas na ekonomikong benepisyo sa mga kasapi nito, turuan sila ng mabisa at epektibong paraan sa pamamahala ng kooperatiba at palawakin ang kooperatiba at bagong kuro-kuro sa kalakalan at pamamahala at pahintulutan ang mga nasa mababang antas ng lipunan upang palawigin ang kanilang pagmamay-ari sa yaman ng bansa;

b) Iyong may mga pinagtibay, sinang-ayunan at inaprubahang maisasagawang pag-aaral (feasibility studies) at kapakipakinabang na pag-uukulang gawain, kasama ang paraan ng pagbabayad ng puhunang inutang sa Pamahalaang Lungsod.

## ARTIKULO IV

## PARAAN NG PAG-PAPATUPAD

Sek.5. Ang Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa, sa pamamagitan ng Punonglungsod, ay magpopormula, maglalathala at magpapatupad ng isang balangkas ng pamantayan at regulasyon ( rules and regulation ) ng Kautusang Panglungsod na ito.

Sek.6. Ang "Cooperative Officer" o kinatawan nito ang siyang mangunguna sa pagpapatupad ng Kautusang Panglungsod na ito, alinsunod sa itinakdang pamantayan at regulasyon.

## ARTIKULO V

## GAMIT NG LAANG-GUGULIN

Sek.7. Ang itinakdang laang-gugulin ay ilalaan lamang sa pag-papaunlad ng mga kinikilala, binigyang kapangyarihan at rehistradong kooperatiba sa Lungsod ng Muntinlupa, upang pagyamanin ang pagtatatag at pagpapaunlad ng kooperatiba sa Lungsod ng Muntinlupa bilang behikulo ng pagtataguyod ng kasarinlan at gamitin ang kakayahan ng mamamayan tungo sa pagkakamit ng pangkabuhayang kaunlaran.

## ARTIKULO VI

## KUNDISYON SA PAGPAPAUTANG

Sek.8. Ang mga benipisyaryong kooperatiba ay pagkakalooban ng kaukulang puhunan sa ilalim ng mga sumusunod na kundisyon:

a) matapos mabatid ng "Cooperative Officer" na ang aplikante ay nagtataglay ng kakayahan at kwalipikasyon na itinakda ng pagpapatupad na pamantayan at regulasyon at tatalima sa kasunduang ipapataw sa pagbabayad ng ipinautang na puhunan, halaga ng interes, multa sa hindi pagbabayad sa itinakdang panahon at iba pang kundisyon na mangangalaga sa kapakanan ng mga kooperatiba at Pamahalaang Lungsod;

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA
TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51
FAX No. 842-5549 • 842-6196 • 842-4926



b) pitumpu't limang por ciento ( 75% ) ng kanilang puhunan ay tutustusan ng Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa at ang dalawampu't limang por ciento ( 25% ) naman ay magmumula sa kooperatibang kinauukulan, habang may nananatili pang pondo sa halagang itinalaga.

k) paglalahad ng aplikanteng kooperatiba ng tiyak na layunin o mga layunin kung saan at papaano gagamitin ang puhunang inutang;

d) pagpapawalang bisa ng aplikasyon o dagliang pagbabayad ng utang kung naipagkaloob na, sa sandaling mapag-alaman na ang aplikanteng kooperatiba ay nagsaad ng kasinungalingan o nagtago ng mga mahahalagang impormasyon sa kanilang aplikasyon

**ARTIKULO VII**

**TAUNANG ULAT**

Sek.9. Ang "Cooperative Officer" o kinatawan nito ay magsusumite ng taunang-ulat sa Punonglungsod at sa Sangguniang Lungsod tungkol sa naisakatuparang gawain sa pagpapatupad ng Kautusang Panglungsod na ito, sa loob ng tatlumpung araw sa pagtatapos ng taon.

**ARTIKULO VI**

**APROPRASYON**

Sek.10. Ang halagang DALAWANG MILYONG PISO ( P2,000,000.00 ) ay itinatakda bilang laang-gugulin upang maisagawa ang mga layunin ng Kautusang Panglungsod na ito.

**ARTIKULO VII**

**PANGWAKAS NA TADHANA**

Sek. 10. Ang Kautusang Panglunsod na ito ay magkakabisa mula sa ika-1 ng Enero, 1996.

Pinagtibay ng lahat ng Kagawad ng Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa sa kanilang ika - 19 ng Regular na Sesyon noong ika - 27 ng Nobyembre, 1995.

SINANG-AYUNAN :

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
Pangalawang Punonglungsod

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA
TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51
FAX No. 842-5549 • 842-6196 • 842-4926

SANGGUNIANG PANLUNGSOD



KGG. MELCHOR R. TEVES

KGG. DANTE S. ALMARIO

KGG. RAFAEL R. ARCIAGA

KGG. VICTOR L. ULANDAY

KGG. ALRDIN L. SAN PEDRO

KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.

KGG. JO JASON T. ALCARAZ

KGG. REY E. BULAY

KGG. ROMAN E. NIEFES

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ

KGG. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.

KGG. RUFINO B. JOAQUIN

KGG. VICENTE Y. CHUA

KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS, JR.

PINATUTUNAYAN :

NECITO M. GUICO
Pansamantalang Kalihim
SANGGUNIANG PANLUNGSOD

PINAGTIBAY :

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punonglungsod

1/8/95